# Self-Learning Kit sa Araling Panlipunan 7

# Pangangalaga sa Timbang na Kalagayang Ekolohiko ng Rehiyon




**LILIAN T. RAMIREZ**
*Rizal National High School*

**Araling Panlipunan - 7**
**Self-Learning Kit**
**Pangangalaga sa Timbang na Kalagayang Ekolohiko ng Rehiyon**
**2023**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.
Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.
Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Kagawaran ng Edukasyon: **Division of Santiago City**
Kalihim: **SARA Z. DUTERTE-CARPIO**

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: **LILIAN T. RAMIREZ** - Teacher III, Rizal National High School

Editor: **FERSABELA A. MATAGA** - Master Teacher I/AP Coordinator
**LIBERTY C. DELA CRUZ**- Head Teacher III
**HELEN P. CABREROS** – Head Teacher IV
**FERSABELA A. MATAGA** – Master Teacher I, School Learning Resource Coordinator
**ELMERCHITA B. RIBUCA** – Principal II

Tagasuri: **ROBERT T. RUSTIA**-Division Education Program Supervisor-Araling Panlipunan
**MARIVEL G. MORALES** - Division Education Supervisor- LRMDS
**JENELYN B. BUTAC** – Division Librarian II
**JAYLORD B. GALLARDE**- Project Development Officer II

Tagaguhit: **AKIESHA ANDREI S. FLORES**

Tagalapat: **LILIAN T. RAMIREZ**

Tagapamahala: **ROBERT T. RUSTIA**, Education Program Supervisor-Araling Panlipunan
**JANETTE V. BAUTISTA, EdD** - Chief Education Program Supervisor-CID
**JONATHAN S. FRONDA,PhD,CESE -** Assistant Schools Division Superintendent
**FLORDELIZA C. GECOBE PhD., CESO V** - Schools Division Superintendent

Inilimbag sa Pilipinas ng
Department of Education –Region II
Schools Division of Santiago City
**Telephone Nos.:** (078) 682-0151; (078) 682-0156
**Email Address:** santiago.city@deped.gov.ph

# PAUNANG SALITA

Ang Self-Learning Kit na ito ay binuo upang mahasa ang iyong kasanayan bilang isang mag-aaral na nasa ika-pitong baitang tungkol sa pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohiko ng rehiyon. Ito ay iyong mapag-aaralan kung paano mo maipapakita ang pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohiko ng Asya.

Sa araling, ito magkakaroon ka ng malawak na pang-unawa na kakailanganin mo upang maipapamalas ang mga inaasahang kakayahan sa pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohiko ng Asya sa pamamagitan ng mga babasahin at gawain na inihanda ng guro para sa paksa .

Ang Self Learning Kit ay ipagagamit sa tulad mong mag-aaral na nasa ika-pitong baitang at inaasahan na malilinang nito ang iyong kaalaman sa pangangalaga sa kalagayang ekolohikal ng Asya.

# ARALING PANLIPUNAN 7
# PANGANGALAGA SA TIMBANG NA KALAGAYANG EKOLOHIKO NG REHIYON

## PAMANTAYANG PANGNILALAMAN

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa ugnayan ng kapaligiran at tao sa paghubog ng sinaunang kabihasnang Asyano.

## PAMANTAYAN SA PAGGANAP

Ang mag-aaral ay malaim na nakapaguugnay-ugnay sa bahaging ginampanan ng kapaligiran at tao sa paghubog sa sinaunang kabihasnang Asyano.

## KASANAYAN

Naipapahayag ang kahalagahan ng pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohiko ng rehiyon. **(AP7HAS-Ig-1.7)**

## LAYUNIN


1. Natutukoy ang sanhi at epekto ng iba't ibang suliraning pangkapaligiran.

2. Maipaliliwag ang iba't ibang paraan sa pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohiko sa Asya.

3. Nakapagsasagawa ka rin ng mga pagpapahalaga sa mga gawaing may kinalaman sa pagprotekta at pagpapanatili ng maayos na kapaligiran na iyong kinabibilangan.

**ANO ANG NANGYARI?**

**Mga Suliranin Ko!**
**Panuto:** Magbigay ng mga Suliraning Pangkapaligiran na nararanasan sa inyong pamayanan. Isulat ang mga kasagutan sa loob ng kahon.



**PAUNANG PAGTATAYA**

**Panuto:** Sagutan ang sumusunod na tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

____1. Bilang isang kabataan, ano ang maaari mong gawain upang masolusyonan ang mga suliraning pangkapaligiran na kinakaharap ng ating bansa?

A. Hikayatin ang mga mamamayan na pangalagaan ang ating likas na yaman at maging aktibo sa mga programa na sinsagawa ng pamahalaan para sa pangangalaga sa likas na yaman.
B. Makikipagtulungan sa mga illegal na gawain .
C. Patuloy na pagputol sa mga punong kahoy.
D. Patuloy na pagtapon ng basura sa dagat at ilog.

____2. Ang komersiyal na pagtotroso, pagkakaingin, pagpuputol ng punong kahoy at pagkasunog ng gubat ay isa sa mga dahilan sa pagkasira ng kagutaban, s iyong palagay ano ang nagiging dahilan ng mga mamamayan upang magawa ang ganitong gawain?

A. Dahil sa pansariling interes.
B. Dahil sa mataas na halaga ang kapalit.
C. Dahil na rin sa kahirapan at kawalan ng trabaho ng mga mamamayan.
D. Dahil sa panghihikayat ng iba at malaki ang kita

____3. Paano maiiwasan ang problemang kinakaharap ng urbanisasyon sa bawat bansa sa Asya?

A. Pagpapaalis sa mga tao sa mga lungsod.
B. Pagsasagawa ng mga programa para sa mga mamamayan upang mabigyan ng kabuhayan upang malutas ang kahirapan
C. Paghikayat sa mga tao na lumipat sa ibang lugar upang umalis sa mga lungsod.
D. Patuloy na pagtaas ng populasyon

____4. Sa patuloy na pagtaas ng urbanisasyon sa bawat bansa sino ang lubos na deriktang naaapektuhan?

1. Ang pamahalaan ng bawat bansa
2. Kalusugan ng mamamayan ang lubos na maaapektuhan
3. Pagdami ng mga mahihirap
4. Pagdami ng negosyo sa bawat lugar

A. 1& 2 B. 2 & 3 C. 3 & 4 D. 1 & 4

____5. Alin sa sumusunod ang dahilan sa pagkawala ng biodiversity ng Asya?

A. Patuloy na pagtaas ng populasyon.
B. Walang habas na pagkuha at paggamit ng mga likas na yaman.
C. Pag-aabuso sa lupa at pagkakalbo na kagubatan.
D. Lahat ng nabanggit.

_____6. Ano ang matinding suliranin ang kakaharapin kapag patuloy ang pagkasira ng lupa?

A. Maaaring magdulot ng kakulangan sa pagkain at panganib sa kalusugan.
B. Maaaring magdulot ng kakulangan sa pangangailangan.
C. Maaaring magdulot ng kawalan ng hanapbuhay sa mga mamamayan.
D. Tuluyang maubos ang kapakinabangan ng lupa.

_____7. Bakit mahalaga ang papel na ginagampanan ng lupa sa buhay ng tao?

A. Dahil ang mga produktong galing sa lupa ang bumubuhay sa tao upang matugunan ang kanilang pangangailangan.
B. Dahil kailangan ng tao ng lupa upang matustusan ang kanilang mga sariling hangarin.
C. Dahil sa mga pangangailangan na dapat matugunan.
D. Dahil kailangan upang mabuhay ang tao ayon sa kanilang interes sa buhay.

_____8. Alin sa sumusunod ang nagiging dahilan sa pagkasira ng gubat?

1. Illegal na pagtotroso
2. Pagkakaingin
3. Pagrami ng punong kahoy
4. Pagtaba ng lupa

A. 1 & 2  B. 2 & 3  C. 3 & 4  D. 1 & 4

_____9. Ang patuloy na pagtaas ng populasyon ang isa sa mga problemang kinakaharap ng bawat bansa sa Asya. Ano ang maaaring maging solusyon sa nasabing pahayag?

A. Kailangan na mabigyan ng kaalaman ang mga mamamayan sa patuloy na pagtaas ng populasyon.
B. Magsagawa ng mga hakbang o programa upang makontrol ang patuloy na pagtaas ng populasyon.
C. Kailangang magtulungan ang mga mamamayan.
D. Lahat ng nabanggit.

_____10. Anong bansa sa Asya ang may problema sa pagkasira ng lupa?

A. Pilipinas  C. China
B. Japan  D. Malaysia

**ANO ANG DAPAT MONG MATUTUNAN?**

**Ang balanseng ekolohikal** ay tumutukoy sa balanseng ugnayan ng sa pagitan ng mga bagay na may buhay at ang kanilang kapaligiran.

**Kahalagahan ng Balanseng Ekolohikal**

Napakahalagang panatilihin ang *ecological balance* o balanseng kalagayang ekolohikal ng Asya. Anuman ang maging katayuan at kalagayang ekolohikal ng rehiyon, tiyak na makakaapekto ito nang lubos sa pangkalahatang kalidad ng kapaligirang pandaigdig. Dapat nating isipin na bunga ng kalakihan ng sakop na teritoryo ng Kontinente ng Asya, ang mga problemang ekolohikal na nararanasan ng mga Asyano sa isang rehiyon ay posible ring maging suliranin ng mga tao sa karatig-rehiyon o maging ng mga mamamayan ng buong daigdig.

Ang patuloy na lumalaking populasyon sa Asya ay nakapagpapalala sa mga suliraning pangkapaligiran at ekolohikal. Malaki ang kaugnayan ng paglaki ng poupulasyon sa pagkasira ng lupain sa Asya.

**ANG *BIODIVERSITY* NG ASYA**

Ang pagkakaiba-iba at katangi-tanging anyo ng lahat ng buhay na bumubuo sa natural na kalikasan ay tinatawag na *biodiversity*. Ang Asya, bilang pinakamalaking kontinente sa buong mundo ay itinuturing na pangunahing pinagmumulan ng *global biodiversity*. Ngunit, habang ang mga bansa sa Asya ay patuloy na papunta sa kaunlaran, kasabay din nito ang pagsulpot ng mga suliraning ekolohikal at pangkapaligiran bunsod ng hindi mapigilang pag-unlad ng ekonomiya at ang patuloy na paglaki ng populasyon. Ang mga bansang Asyano sa ngayon ay humaharap sa masalimuot na interaksiyon ng mga isyung panlipunan, politikal, ekonomiya at pangkapaligiran. Ang masusing ugnayan at pagbabalikatan ng bawat isa sa loob ng isang bansa at sa pagitan ng bawat bansa ay mahalaga upang makgawa at maipatupad ng angkop na solusyon sa mga suliraning ito

**SULIRANING PANGKAPALIGIRAN**

Ito ang problema na tumutukoy sa pagkasira o pagkawasak ng kapaligiran.

**SANHI NG SULIRANING PANGKAPALIGIRAN**

1. **PAGKASIRA NG LUPA**

**Mga Dahilan ng Pagkasira ng Lupa**

- ***Overgrazing*** **-**Ang halaman ay nawawalan ng sapat na panahon na tumubo, dulot ng maraming hayop ang nakikinabang dito Hilagang Iraq, Saudi Arabia at Oman ang nakakaranas nito.
- **Desertipikasyon-** Tumutukoy sa pagkawala ng nutrisyon ng lupa na nauuwi sa tuluyang pagkatuyo ng lupain.

Ang China ay nakapagtala ng halos 358,000 km2 na desertified na lupain.

2. **URBANISASYON**

Ang malaki at patuloy na paglaki ng populasyon sa Asya ay nakapagpapalala ng suliraning pangkapaligiran at ekolohikal.

Malaki ang kaugnayan ng paglaki ng populasyon sa pagkasira ng lupain sa Asya. Ang urbanisasyon ay dahilan din ng pagkasira ng lupain sa Asya.

Mga epekto ng ng urbanisayon sa kapaligiran ay ang pagdami ng basura at *waste water* sa tubig o lupa at noise pollution na dulot ng mga sasakyan at makina.

3. **SANHI NG PAGKAWALA NG *BIODIVERSITY***

- ***Biodiversity*** - Katangi-tanging anyo ng lahat ng buhay na bumubuo sa natural na kalikasan.

**Mga Dahilan ng pagkawala ng biodiversity**

1) Paglaki ng populasyon
2) Pang –aabuso sa lupa
3) Labis na paggamit sa mga likas na yaman

4. **PAGKASIRA NG KAGUBATAN**

- ***Deforestation-*** ang pagkaubos at pagkawala ng mga punong-kahoy sa kagubatan.

**Mga Dahilan ng pagkasira ng Kagubatan**

1) Illegal na pagtotroso
2) *Wild fire*
3) Sistemang Kaingin

**ANO ANG NATUTUNAN?**

**GAWAIN 1**
**Pa-*Heart* po ako**

**Panuto:** Iguhit ang (❤) puso kung ito ay nagsasaad ng pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohiko at malungkot na mukha (☹) naman kapag ito ay nakakasira sa timbang na kalagayang ekolohiko ng Asya

_______1. Pagpapanatili ng kalinisan sa paligid.
_______2. Pagtatanim ng punong kahoy.
_______3. Walang habas na pagkuha at paggamit ng mga likas na yaman.
_______4. Pangangalaga sa likas na yaman.
_______5. Patuloy na pagtaas ng populasyon.
_______6. Pagtitipid sa paggamit sa likas na yaman.
_______7. Pagsusunog ng basura.
_______8. Pagkakaroon ng labis na populasyon.
_______9. Iwasan ang pagpuputol ng mga punongkahoy.
_______10. Iwasan ang paggamit ng maliliit na buta ng lambak sa pangingisda.

**GAWAIN 2**
***Fact or Bluff!***

**Panuto:** Isulat ang ***FACT*** kung ang pahayag ay nakatutulong sa pagpapanatili ng balanseng ekolohikal sa rehiyon at ***BLUFF*** kung hindi makakatulong

________ 1. Ang paggamit ng dinamita sa pangingisda ay pagpapakita ng pagpapahalaga sa yamang tubig.
________ 2. Ang maayos at matalinong paggamit ng mga yamang lupa, tubig at gubat ay kailangang ipatupad upang patuloy itong mapapakinabangan sa mahabang panahon.
________ 3. Ang mga yamang mineral na mataliko ay sagana kaya ang ibayong pag-iingat ay hindi kailangan.
________ 4. Ang pagtatanim ng mga puno sa mga bundok at bakanteng lote ay isang halimbawa ng pangangalaga ng likas na yaman.
________ 5. Ang paggamit ng sobrang kemikal sa pananim at sa lupa ay makatutulong sa pangangalaga ng likas na yaman.
________ 6. Pagtatayo ng mga pabrika, gusali, o pook-alagaan malapit sa mga ilog o dagat.
________ 7. Ang pagtagas ng langis sa dagat ay dapat iwasan.
________ 8. Pagpuputol ng mga malalaking punong kahoy sa kagubatan.
________ 9. Pagtatatag ng mga sentrong kanlungan para sa mababangis na hayop at mga ligaw na halaman.
________ 10. Pagtatatag ng mga sentro o sanctuary para sa mga yamang tubig.

**GAWAIN 3**
**SANHI AT BUNGA? UNAWAIN MO BES!**


**Panuto:** Ilahad ang sanhi at epekto ng mga ng mga suliraning pangkapaligiran sa Asya na nakatala sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa talahayanan.

| SULIRANING PANGKAPALIGIRAN | SANHI | EPEKTO |
|---|---|---|
| 1. Pagkasira ng lupa | | |
| 2. Urbanisasyon | | |

| | | |
|---|---|---|
| 3. Pagkawala ng Biodiversity | | |
| 4. Pagkasira ng kagubatan | | |

**GAWAIN 4**
***U Complete Me!***

**Panuto:** Ipaliwanag kung paano ka makakatulong upang mapanatili ang timbang na kalagayang ekolohiko sa loob ng inyong tahanan, paaralan at komunidad. Isulat ito sa bawat kahon na nakalaan.



**Pangwakas na Pagtataya:**

**Panuto:** Sagutan ang sumusunod na tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

_____1. Ano ang matinding suliranin ang kakaharapin kapag patuloy ang pagkasira ng lupa?

A. Maaaring magdulot ng kakulangan sa pagkain at panganib sa kalusugan.
B. Maaaring magdulot ng kakulangan sa pangangailangan.
C. Maaaring magdulot ng kawalan ng hanapbuhay sa mga mamamayan.
D. Lahat ng nabanggit.

_____2. Bakit mahalaga ang papel na ginagampanan ng lupa sa buhay ng tao?

A. Dahil ang mga produktong galing sa lupa ang bumubuhay sa tao upang matugunan ang kanilang pangangailangan.
B. Dahil kailangan ng tao ng lupa upang matustusan ang kanilang mga sariling hangarin.
C. Dahil sa mga pangangailangan na dapat matugunan.
D. Dahil kailangan upang mabuhay ang tao ayon sa kanilang interes sa buhay.

_____3. Alin sa sumusunod ang nagiging dahilan sa pagkasira ng lupa?

1. Ang pagkatuyo ng mga lupa
2. Pagguho ng lupa
3. Pagrami ng punong kahoy
4. Pagtaba ng lupa

A. 1 & 2 B. 2 & 3 C. 3 & 4 D. 1 & 4

_____4. Ang patuloy na pagtaas ng populasyon ang isa sa mga problemang kinakaharap ng bawat bansa sa Asya. Ano ang maaaring maging solusyon sa nasabing pahayag?

A. Kailangan na mabigyan ng kaalaman ang mga mamamayan sa patuloy na pagtaas ng populasyon.
B. Magsagawa ng mga hakbang o programa upang makontrol ang patuloy na pagtaas ng populasyon.
C. Kailangang magtulungan ang mga mamamayan.
D. Lahat ng nabanggit.

_____5. Anong bansa sa Asya ang may malubhang dahilan sa pagkasira ng lupa?

A. Pilipinas C. Bangladesh
B. Japan D. Malaysia

_____6. Bilang isang kabataan, ano ang maaari mong gawain upang masolusyonan ang mga suliraning pangkapaligiran na kinakaharap ng ating bansa?

A. Hikayatin ang mga mamamayan na pangalagaan ang ating likas na yaman at maging aktibo sa mga programa na sinsagawa ng pamahalaan para sa pangangalaga sa likas na yaman.

B. Makikipagtulungan sa mga illegal na gawain.
C. Patuloy na pagputol sa mga punong kahoy.
D. Patuloy na pagtapon ng basura sa dagat at ilog.

____7. Ang komersiyal na pagtotroso, pagkakaingin, pagpuputol ng punong kahoy at pagkasunog ng gubat ay isa sa mga dahilan sa pagkasira ng kagutaban, ano ang nagiging dahilan ng mga mamamayan upang magawa ang ganitong gawain?
A. Dahil sa pansariling interes.
B. Dahil sa mataas na halaga ang kapalit.
C. Dahil na rin sa kahirapan at kawalan ng trabaho ng mga mamamayan.
D. Dahil sa panghihikayat ng iba at malaki ang kita

____8. Paano maiiwasan ang problemang kinakaharap ng urbanisasyon sa bawat bansa sa Asya?
A. Pagpapaalis sa mga tao sa mga lungsod.
B. Pagsasagawa ng mga programa para sa mga mamamayan upang mabigyan ng kabuhayan upang malutas ang kahirapan
C. Paghikayat sa mga tao na lumipat sa ibang lugar upang umalis sa mga lungsod.
D. Patuloy na pagtaas ng populasyon

____9. Sa patuloy na pagtaas ng urbanisasyon sa bawat bansa sino ang lubos na deriktang naaapektuhan?
1. Ang pamahalaan ng bawat bansa
2. Kalusugan ng mamamayan ang lubos na maaapektuhan
3. Pagdami ng mga mahihirap
4. Pagdami ng negosyo sa bawat lugar
A. 1& 2 B. 2 & 3 C. 3 & 4 D. 1 & 4

____10. Alin sa sumusunod ang dahilan sa pagkawala ng biodiversity ng Asya?
A. Pag-aalaga ng mga hayop.
B. Pagtitipid sa paggamit ng kuryente.
C. Pagtatanim ng puno.
D. Walang habas na pagkuha at paggamit ng mga likas na yaman

**SANGGUNIAN**

Alamy Limited. (2013). Burning plastic waste in the Indian countryside. Alamy.com; Alamy images. https://www.alamy.com/burning-plastic-waste-in-the-indian-countryside-image61807901.html

https://www.youtube.com/watch?v=s-zdPaO9rFA -ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba,

MacDonald, J. (2015). Does deforestation Lead to Drought? JSTOR Daily. https://daily.jstor.org/deforestation-lead-drought/
-www.slideshare.net/jaredram55/ang-mga-likas-na-yaman-ng -asya

Mateo, G. et al., (2009). Asya Pag-usbong ng Kabihasnan. Quezon City: Vibal Publishing House Inc.

## SUSI SA PAGWAWASTO

**ANO ANG NANGYARI?**
**MALAYANG PAGSAGOT**

**Paunang Pagtataya**
1. A 2. C 3. B 4. B 5. D 6. D 7. A 8. A 9. B 10. C

**Gawain 1: PA *HEART* PO AKO!**

1.
2. ❤
3. ☹
4. ❤
5. ☹
6. ❤
7. ☹
8. ☹
9. ❤
10. ❤

**Gawain 2: *FACT O BLUFF***

1. *Bluff*
2. *Fact*
3. *Fact*
4. *Fact*
5. *Bluff*
6. *Bluff*
7. *Fact*
8. *Bluff*
9. *Fact*
10. *Fact*

**Gawain 3: SANHI AT EPEKTO? UNAWAIN MO BES!**

| SANHI | EPEKTO |
|---|---|
| 1. Desetipikasyon | 1.Tuluyang mawawala ang kapakinabangan sa lupa |
| 2. Paglaki ng populasyon | 2. Pagdami ng basura |
| 3. Land conversion | 3. Pagkawala ng natural na tirahan ng mga hayop |
| 4. Pagpuputol ng mga puno | 4. Pagbaha |

**Gawain 4: *U COMPLETE ME!***
Tahanan – Dapat gamitin ang likas na yaman na may paggalang sa kaayusan at kagandahan nito.
Paaralan - Pagsunod sa alituntunin tungkol sa pagtitipid sa paggamit ng kuryente.
Komunidad – Pakikilahok sa mga programa sa aming barangay katulad ng tree planting

**Panghuling Pagtataya**
1. D 2. A 3. A 4. B 5. C 6. A 7. C 8. B 9. B 10. D

## BUOD

Ganap mo nang napaunlad sa bahaging ito ng yunit ang iyong pagkatuto tungkol sa kahalagahan ng balanseng ekolohikal. Sa puntong ito ay mapagtitibay ang kahalagahan ng interaksiyon at pag-angkop ng tao sa kaniyang kapaligiran upang makabuo at mapaunlad ang isang uri ng pamumuhay na naayon sa kaniyang kultura at kabihasnan. Kinakailangang pangalaagan ang ating kapaligiran upang ang ating kontinente ay magkaroon ng balanseng ekolohiko. Anumang magandang bagay na natutuhan tungkol sa pagpapanatili ng balanseng ekolohikal sa Asya ay magiging makabuluhan sa pamamagitan ng pagsasabuhay .

## TUNGKOL SA MAY-AKDA



Si LILIAN T. RAMIREZ ay kasalukuyang nagtuturo ng Araling Panlipunan sa Rizal National High School. Nagtapos siya sa kursong Bachelor of Arts Major in History.